# Pagboto ng Hindi-Mamamayan sa San Francisco

## Nobyembre 5, 2024, Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan

### Mga Kinakailangan sa Elihibilidad

**Kung kayo ay hindi mamamayan ng U.S., kailangang natutugunan ninyo ang lahat ng mga kinakailangan sa ibaba para maging elihible na magparehistro para bumoto sa Nobyembre 5, 2024, Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan.**

- ✓ Kayo ay hindi bababa sa 18 taong gulang sa Araw ng Eleksyon
- ✓ Kayo ay magulang o tagapatnubay ng bata na mas mababa sa edad 19 taong gulang sa Araw ng Eleksyon
- ✓ Kayo at ang inyong anak ay parehong nakatira sa San Francisco
- ✓ Kayo ay hindi nakakulong sa pang-estado o pederal na bilangguan dahil sa hatol na felony
- ✓ Kayo ay hindi napatunayan ng isang hukuman na walang sapat na kakayahan para bumoto

### Mga Hakbang para Lumahok

**Para bumoto sa Nobyembre 5, 2024, Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan, kumpletuhin ang mga hakbang na ito.**

1. Suriin ang Mahalagang Abiso at mga Kinakailangan sa Elihibilidad na nasa poster na ito
2. Punan ang isang Form para sa Pagpapaparehistro bilang Botanteng Hindi-Mamamayan at ibalik ito sa Departamento ng mga Eleksyon
3. Basahin ang Booklet ng Impormasyon para sa Botante para alamin ang higit pa tungkol sa pagboto sa Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan
4. Magpasya kung paano kayo boboto: sa pamamagitan ng koreo o nang personal

**Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa *sfelections.org/NCV* o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.**

### MAHALAGANG ABISO PARA SA MGA HINDI-MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS

Posibleng makuha ng Immigration and Customs Enforcement (Tagapagpatupad ng Batas ukol sa Imigrasyon at Adwana, ICE) at iba pang ahensiya, organisasyon, at indibidwal ang anumang impormasyong ibibigay ninyo sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) kasama na ang inyong pangalan at address. Bukod rito, kapag nag-aplay kayo para sa naturalisasyon o pagka-mamamayan, tatanungin kayo kung nakapagrehistro o nakaboto na kayo sa pederal, pang-estado o lokal na eleksyon sa Estados Unidos. Baka gusto ninyong kumonsulta sa abugado sa imigrasyon, organisasyong nagbibigay ng proteksiyon sa karapatan ng migrante, o iba pang mapagkukunan ng kaalaman bago kayo magbigay ng anumang personal na impormasyon sa Department of Elections at bago kayo magparehistro para bumoto sa Eleksyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng San Francisco. Makikita ninyo ang listahan ng mga organisasyong nonprofit na may espesyalisasyon sa pagprotekta sa mga karapatan ng migrante sa ***sfelections.org/NCV***.

CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
**DEPARTMENT OF ELECTIONS**

(415) 554-4310 · *sfvote@sfgov.org* · City Hall, Room 48